

CHAPTER *One*

“*B*akit nakapangalumbaba ka?” puna ng matalik niyang kaibigan na si Samantha.

Magkasama sila sa boarding house noong nag-aaral sila sa university. Nang makapagtapos sila sa pag-aaral at nagkaroon ng kanya-kanyang trabaho ay napagdesisyunan nilang mangupahan sa isang apartment tatal magkalapit lang ang pinapasukan nilang kompanya.

“Nag-away ba kayo ni Miguel?” usisa pa nito.

“Yeah!” sagot ni Cindy. Birthday ng kanyang nobyo noong nakaraang araw. Hiniling nito na may mangyari sa kanila pero hindi niya pinagbigyan. She made a promise to herself that she would give her virginity to her husband on their wedding night.

Alam niyang hindi na uso ang virgin na babaeng ikakasal, pero iyon ang gusto ni Cindy. Hindi baleng magalit sa kanya si Miguel basta hindi niya isusuko ang Bataan.

“Bakit?”

“Wala siyang time para sa ’kin,” pagsisinungaling niya. “Dapat mag-a-out of town kami, kaso busy siya.”

“I-reschedule n’yo na lang.”

“Hindi niya ako maisingit sa schedule niya.”

“Really?” naiinis na turan ni Sam. “Di ba dapat gumagawa siya ng time siya para sa ’yo, hindi ’yung isinisingit ka lang nya sa sched n’ya? Anong klaseng boyfriend siya?”

“Baka busy lang talaga.”

“Whatever! Busy o hindi, dapat may time siya para sa ’yo. Baka naman kasi may ibang pinagkakaabalahan ’yan? Pumunta ka kaya sa condo niya nang hindi niya alam?”

Dinampot ni Cindy ang throw pillow at ibinato kay Samantha. “Kung anu-ano ang iniisip mo.”

“Hindi naman kasi mawawalan ng time sa ’yo ang isang lalaki maliban na lang kung may ibang pinagkakaabalahan.”

Her friend was right. Pero hindi naman kasi

iyon ang totoong dahilan kung bakit sila nag-away ni Miguel. But come to think of it, hindi malabong mangyari iyon dahil hindi niya nga maibigay ang gusto nito. Baka maghanap ito ng kalinga mula sa iba.

“Wala naman siguro.”



Ilang beses na in-enter ni Cindy ang password para buksan ang pinto ng condo unit ni Miguel pero palaging nag-e-error. Tama naman ang pinipindot niya. Napilitan tuloy siyang gamitin ang doorbell. Ilang minuto rin siyang nakatayo sa labas bago binuksan ni Miguel ang pinto.

Nagulat ito nang makita siya. Halatang bagong gising ang nobyo dahil magulo ang buhok, namumungay ang mga mata, at nakatapis lang ng tuwalya.

“Ano’ng ginagawa mo dito?” natatarantang tanong ng lalaki.

“Nag-aalala ako dahil hindi ka nagpaparamdam kahit sa text man lang.” Pero ang totoo, pumunta siya roon kasi hindi siya mapalagay sa sinabi ni Samantha. Napapraning na yata siya.

Habang nagsasalita si Cindy, napansin niyang balisa ang kaharap. Hindi ito umaalis sa tapat ng

pintuan kaya nanatili siyang nakatayo sa labas. “Hindi mo ba ako papapasukin?”

“Ha? Ah, ano kasi—”

“Migz, may bisita ka ba?”

Nagsalubong ang mga kilay ni Cindy dahil sa pagtataka. May babae itong kasama sa condo; mukhang tama nga ang hinala ni Samantha.

“Sino’ng kasama mo?” tanong niya sa kalmadong tinig.

“Si ano... si Patricia, pinsan ko, oo pinsan ko,” hindi magkandatatong sagot nito, halatang nagsisinungaling sa kanya.

“Migz,” tawag ng babae. Lumabas ito mula sa kuwarto ng binata. At kagaya ng huli, mukhang bagong gising ang estranghera at nakatapis lang din ng tuwalya. Magdamag sigurong naglaro ng apoy ang dalawa. “Hi! I guess you’re Cindy?”

Hindi siya kumibo. Ang kapal naman ng mukha nito na kausapin siya. Gusto niyang pagbuhulin ang dalawa at saka ibaon sa lupa.

“Pinsan?” Binalik niya ang tingin sa future ex-boyfriend niya. “Puwede na palang mag-sex ang magpinsan? Eww!”

“It’s not what you think. It was just a mistake—”

“Mistake? Mistake pero mukhang nag-enjoy ka,”

mapanuyang sagot niya. “Nag-enjoy kayo, di ba?” baling niya sa babae.

“Yup! Madaling araw na kami natapos,” walang gatol na sagot ng huli.

“Patricia, please just shut your mouth. Hindi ka nakakatulong.”

Nakakainsultong tawa ang pinakawalan ni Cindy. “Hindi siya nakatulong pero nakaraos ka. You’re ungrateful!” Nagpupuyos na siya sa galit ngunit pinanatili niyang kalmado ang sarili. “Maghiwalay na tayo tutal hindi ko naman maibibigay ang gusto mo.”

Gumuhit ang pagkabigla sa mukha nito. “Cindy please, don’t do this to me,” pagmamakaawa ni Miguel. “Natukso lang ako.” Hinawakan ng binata ang kamay niya pero iwinaksi niya iyon. “Hindi ko sinasadya.”

“Don’t touch me.”

Tuluyan na niya itong tinalikuran. Walang saysay kung magtatagal pa siya roon. Naiintindihan niya kung bakit mali ang password na ginamit niya dahil sadyang binago iyon ni Miguel.

“Hey! Watch out!”

Narinig niyang may nagsalita pero hindi niya pinansin dahil marami siyang iniisip. Huli na

nang ma-realize ni Cindy na siya pala ang kausap ng estranghero. Bumangga siya sa bitbit nitong malaking kahon. Nawalan ng balanse ang lalaki kaya nabitawan nito ang kahon at kumalat sa sahig ang laman ng bitbit nito.

“I’m sorry.” Tinulungan niyang makabangon ang lalaki. Nakaramdam siya ng pagdaloy ng kuryente sa buong katawan kaya mabilis siyang bumitaw rito. Nawalan ulit ito ng balanse dahil sa ginawa niya kaya natumba ulit. “Sorry.”

Imbis na tulungan ang estranghero na makatayo, isa-isa niyang dinampot ang mga gamit nitong nakakalat sa sahig. Mayamaya, naramdaman niyang nakabangon na ito at nagpupulot na rin ng mga gamit.

“Miss, sa susunod na maglalakad ka, tumingin ka naman sa dinadaan mo,” reklamo nito.

Hindi siya nagagalit dahil may point ang sinabi nito. Nag-angat si Cindy ng tingin. Sinalubong siya ng mga mata ng kaharap na kulay tsokolate at waring nangungusap. Sa tingin niya, kahit magalit ito ay maamo pa rin ang mga matang iyon. Kapansin-pansin din ang malalantik nitong pilikmata at makakapal na kilay na maganda ang korte. Matangos ang ilong ng lalaki at mapupula ang labi. May balbas

ito pero hindi iyon nakabawas sa kaguwapuhan ng estranghero. Darn! She found him so attractive. Dati, marumi ang tingin niya sa mga lalaking may balbas. But now...

Natigilan ang dalaga. What the hell she was thinking? Kabe-break lang nila ni Miguel pero heto siya at humahanga sa lalaking hindi niya kilala.

“You’re crying.”

“Ha?” Awtomatikong pinahid niya ang luha na naglandas sa kanyang pisngi. Umiiyak pala siya, hindi niya naramdaman. “Napuwing lang ako.”

What a lame excuse!

“Cindy!” narinig niyang tawag ni Miguel. Nakapagsuot na ito ng shorts at t-shirt. “Cindy, mag-usap tayo.”

Nagmadali siyang lumakad palayo, pero sinundan siya ng dating nobyo. “Wala na tayong dapat na pag-uusapan. Tapos na ang relasyon natin. Huwag ka nang magpapakita sa ‘kin.”

“Cindy, please give me another chance. I don’t love her. I love you.”

Nagbabagang tingin ang pinukol niya sa ex-boyfriend. “If you really love me, you wouldn’t have cheated on me. Magpakasaya ka dahil malaya ka na ngayon. Kahit ilang babae pa ang pagsabayin mo, I

wouldn't mind."



Inaya niya si Samantha na pumunta sa salon. Gusto ni Cindy na magpaganda sa paningin ng lahat dahil pakiramdam niya ay pangit siya kahit hindi. Siguro epekto iyon ng ginawa sa kanya ni Miguel. Nabubwisit siya kapag naalala ito.

"Sam, kausap mo na naman ba ang hilaw mong boyfriend?"

Hindi siya pinansin ng kaibigan. Nagpapa-manicure at pedicure ang kaibigan habang kausap si Jeffrey sa cellphone. Halatang may sinabi ang huli kaya natulala na lang bigla ang kanyang best friend. Inagaw niya ang cellphone nito.

"Jeffrey, wrong timing ang pagtawag mo," naiinis na aniya. Pangalawa ang binata sa listahan ng kinaiinisan niyang lalaki sa balat ng lupa. Siyempre una sa listahan si Miguel. "Girl bonding namin ang araw na 'to kaya mamaya ka na tumawag pag wala na kaming ginagawa. 'Bye!" Ini-off niya ng cellphone bago iyon ibinalik kay Samantha. "You look pale. Ano ba'ng sinabi sa 'yo ng hilaw mong boyfriend?"

Hindi nito sinagot ang tanong niya. "Antoinette, narinig mo kanina na sinabi ni Cindy na magpapa-pizza siya kapag nagpaikli ako ng buhok, di ba?"

Puno ng pagtataka ang tinging pinukol niya sa kaibigan. Something was not right. Sinabi niya nga iyon kanina dahil alam niyang hindi ito papayag sa suggestion nila ni Antoinette na may-ari ng salon at kaibigan nila.

“Are you sure about it?”

“I’m 101% sure.”

Lagot na! Mukhang sabay silang ngangawa mamaya dahil sa mga walang kuwentang lalaki. Kailangan niyang bumili ng maraming alak. Gusto niyang magpakalunod sa alak at idadamay niya si Sam.



“Let’s celebrate!” masayang sigaw ni Cindy pero kabaligtaran niyon ang kanyang nararamdaman.

Nalaman niya mula kay Samantha na magpapakasal na si Jeffrey, ang ex-boyfriend ng dalaga na naging male best friend nito. “Ang ganda natin, ang ganda din ng career natin, pero pagdating sa pag-ibig, luhaan tayo.”

Una siyang nagkaroon ng nobyo noong college. Pero nag-break din sila dahil ang katwiran ng lalaki, palagi siyang busy sa pag-aaral at wala siyang oras para rito. Pagkatapos noon, pinangako niya sa sarili na magbo-boyfriend lang siya kapag nakapagtapos

na siya ng pag-aaral at may magandang career na. Dinedma niya lahat ng mga nagtangkang manligaw sa kanya, hanggang sa makilala niya si Miguel.

She was already a financial manager that time kaya nang ligawan siya nito ay sinagot niya agad ang binata. Feeling niya kasi ready na siyang pumasok sa isang relasyon.

“What happened?” nag-aalalang tanong ni Sam.

“Miguel and I broke up last night.” Nagsimulang tumulo ang luha ni Cindy. “I’m not part of his priorities so I just let him go.”

Hindi niya masabi sa kaibigan na sinunod niya ang payo nito at nahuli niya sa akto na nambabae si Miguel. Hindi niya matanggap na para sa ex niya, mas mahalaga ang sex kaysa sa kanya. Ayaw niya ring madagdagan ang iniisip ng kaibigan kasi alam niyang nasasaktan din ito gaya niya.

“Let’s drink!”

Finally, mapapakinabangan na rin nila ang sandamakmak na beer na binili niya kanina.

CHAPTER *Two*

“Samantha Garcia,” bulong ni Mark habang nakatitig sa pictures ng dalaga.

Dinaig pa niya ang isang high school student dahil sa ginagawa niyang pang-i-stalk sa profile ni Samantha. Hindi niya dapat iyon ginagawa dahil boss siya ng dalaga pero hindi niya mapigilan ang sarili. Mayroong kakaiba kay Samantha na nag-udyok sa kanya na kilalanin itong mabuti. Maybe because she looked confident and strong but her eyes were saying that she’s lonely and heartbroken.

Ilang minuto niyang tinitigan ang larawan ng dalaga bago tiningnan ang wall nito. Sa tingin niya, hindi ito masyadong gumagamit ng *Instagram* at *Facebook*. May mangilan-ngilan itong pictures dahil

lang may nag-tag dito. Ang nagnangalang Jeffrey Samaniego at Cindy Rella ang palagi nitong kasama sa pictures.

Habang nagba-browse ng pictures, nakuha ni Cindy Rella ang kanyang atensyon. She looked familiar. Parang nagkita na sila noon. Napako ang tingin niya sa dalaga dahil iniisip niya kung saan niya ito nakita.

Ah, iyong bumangga sa kanya noong naglilipat siya sa condo.

“Sir, sasabay ka ba ulit sa ’ming mag-lunch?” tanong ni Rica.

Mabilis niyang ni-shut down ang computer.

Matagal na siyang nagtatrabaho sa kompanyang iyon pero ilang linggo pa lang siya sa Maynila. Galing siya sa Pampanga Branch at na-assign siya sa Maynila matapos nasibak ang dating cost accounting manager na gumawa ng anomalya sa kompanya.

“Yes,” sagot niya ngunit nakatingin siya kay Samantha. Busy ang dalaga kahit tapos na itong magpasa ng report sa kanya. Nagtataka siya kung bakit kailangan pa niyang ma-assign doon samantalang kaya naman ng dalaga ang trabaho niya. “Miss Garcia, hindi ka ba sasabay sa ’min?” tawag niya rito.

Mukhang hindi siya narinig ng dalaga. Nakatuon ang atensyon nito sa computer subalit halatang iba ang iniisip.

“Sir, pagpasensyahan mo na si Samantha. Ilang araw nang ganyan ’yan, may problema yata. Ako na po ang kakausap sa kanya. Susunod na lang kami.”

“Okay!”



“Ihatid na kita.” Sinabayan niyang maglakad palabas ng opisina si Samantha. Napansin niya kasing may lalaking umaaligid sa dalaga kaya niya ito sinundan.

What the hell was he doing? Wala naman siyang pinagkaiba sa lalaking umaaligid sa dalaga dahil iyon din mismo ang ginagawa niya.

“Sir, thank you pero hindi na po kailangan,” magalang nitong tanggi sa kanya. “Walking distance lang po mula sa opisina ang tinitirahan ko.”

“Please drop the formality. Nasa labas na tayo ng opisina so just call me Mark,” nakangiting utos niya. “Kung ayaw mong ihatid kita, sasabayan na lang kitang maglakad,” pangungulit niya. Wala namang pinagkaiba iyon. “I won’t take ‘no’ for an answer.”

“I’m sorry but I’ll have to say ‘no’ for her.”

Sabay silang napaligon ng dalaga sa

pinanggalingan ng boses. The man who owned the voice was the same man in Samantha's pictures. Tiningnan niya ang profile ng lalaki dahil posibleng karibal niya ito. Natuwa siya noong nalaman niya sa *FB* na may nobya na ito.

Pero ngayong nakita niya ito sa personal at nakita niya kung paano nito titigan si Samantha, mukhang hindi lang basta kaibigan ang turing nito sa dalaga. Hindi niya lang maintindihan kung bakit may nobya itong iba.

Napatingin siya kay Samantha. Simula nang dumating ang lalaki ay doon na naka-focus ang atensyon ng dalaga at parang bigla siyang nawala sa eksena.

Napailing si Mark bago nagpakawala ng buntong-hininga. *Not again*. Bakit ba palagi siyang naa-attract sa mga babaeng may mahal nang iba? Ang saklap! Guwapo naman siya at matalino, pero bakit ganoon?

"I'm sorry, Mark. Let's do it next time."

Tumango siya. "It's okay, Sam. I understand." Base sa narinig niyang usapan ng dalawa, birthday ng ina ng binata pero nalimutan iyon ni Samantha. "Marami pa namang next time at palagi naman tayong magkasama." Nginitian siya nito sabay tango.

“Bye!” paalam nito.

Napakamot siya sa ulo habang tinitingnan ang pag-alis ng officemate. Hindi pa siya nakakagawa ng hakbang para lubusan itong makilala pero malinaw nang may nilalaman na ang puso ng dalaga kaya hanggang paghanga na lang siya.

Better luck next time, pang-aalo niya sa sarili.



Nilapitan niya si Samantha sa table nito fifteen minutes bago ang uwian nila sa opisina. “Would you mind kung ihahatid kita sa inyo?”

Nag-angat ng tingin ang dalaga. Hindi niya alam kung natutuwa o naiinis ito sa sinabi niya.

“Sir, I don’t know how to say this properly but...” Huminto ito, tila nagdadalawang-isip kung sasabihin ang laman ng isip. “Palagi mo akong sinasabayang kumain tuwing lunch at breaktime. Pangalawang beses ka nang nagprisintang ihatid ako. Sir, may favor ka bang ipapagawa sa ’kin o nanliligaw ka?”

Mark chuckled. He did not expect for her to say those things. “Both.”

Nanlaki ang mga mata ng kausap. “Huwag kang magbiro nang ganyan.”

“Yeah, I’m just kidding about courting you but I’m serious about asking you a favor. Ikaw lang ang

makakatulong sa 'kin dahil ikaw lang ang kaibigan niya.” She listened as he continued talking. “I want to know more about Cindy Rella.”

Nagulat ito pero dagli ring nakabawi. “How did you know her?” puno ng pagtataakang tanong ng babae.

“Naka-tag ka sa posts niya kaya nakita ko ang picture niya. Simula noon, na-curious na ako sa kanya.”

That was partially true. Pero hindi niya sasabihin kay Samantha na account nito ang tinitingnan niya online bago nakita ang profile ng kaibigan nito. Pero totoong may kung anong puwersang nag-uudyok kay Mark na kilalanin si Cindy. Lalo kapag naalala niya ang lungkot sa mga mata nito noong aksidente silang magkabunguan.

“Stalker ka?”

“I strongly disagree. Sa hitsura kong ito, you think kailangan ko pang mang-stalk? I am hot, handsome and oozing with sex appeal.”

“Ang lakas mo, Sir!” natatawang sagot ng babae. “Kung hindi ka lang totoong guwapo, masasabi ko na ang hangin mo.”

First time niyang nakitang tumawa si Samantha. She was really beautiful.

“I’m not sure if she’s ready to meet other guys but I’ll see what I can do.” Nagsimula na itong magligpit ng mga gamit. “But for now, huwag mo muna akong ihatid. Magkasama kasi kami sa apartment. Aalamin ko muna ang estado ng puso niya bago ko siya ipakilala sa ’yo.”

Gusto niyang magtanong pero pinigilan ni Mark ang sarili; baka magmukha na talaga siyang stalker. “Okay!”



Tinext niya si Samantha na gagabihin siya ng uwi dahil kailangan niyang mag-overtime sa trabaho. Pagdating ni Cindy sa apartment, himalang nakapaghanda na ng hapunan si Sam. Hindi marunong magluto ang kaibigan kaya siya ang kusinera sa kanilang dalawa.

“Nagluto ka?”

Umiling ito. “Mayroong nag-sponsor.”

“Hinaitiran ka ni Jeffrey ng pagkain?”

“Tss! Hindi ’no!” mariing tutol ni Sam. “Malabong mangyari ’yon dahil hanggang ngayon, galit kami. Huwag na nga natin siyang pag-usapan,” reklamo nito. “Kumain na lang tayo.”

Gutom si Cindy kaya agad niyang nilantakan ang mga pagkaing nakahain sa hapag. “Sino’ng

nag-sponsor? Ang sarap naman ng mga pagkaing binigay niya. Sabihin mo sa kanya, nagpapasalamat ang best friend mo at sana maulit pa ang pagbibigay niya ng pagkain.”

“Walang problema, makakarating. Gusto mo ipakilala kita?”

Tumigil siya sa pagsubo. “Lalaki ba ’yon? Nanliligaw sa ’yo?”

“Oo, lalaki siya pero hindi niya ako nililigawan. He’s single. He is hot, handsome, and oozing with sex appeal,” natatawang sabi ng kaibigan.

Nagsalubong ang mga kilay ni Cindy. Kailan pa naging ganoon ang kaibigan niya? “Hoy! Si Samantha ka ba talaga? Kailan ka pa nagkaroon ng pagnanasa sa ibang lalaki?”

“Hoy! Masyado kang judgemental. Hindi ako ang may sabi n ’un, siya mismo ang nag-describe sa sarili niya.”

“So, mayabang siya?”

“Hindi rin,” tutol nito. “Nagsasabi lang siya ng totoo. Actually, kasing-yummy niya ’yang pagkain na nakahain sa mesa.”

Nabilaukan si Cindy. Dali-dali namang nagsalin ng tubig sa baso ang kaibigan saka binigay sa kanya.

“Dahan-dahan sa pagkain. Huwag mong isipin

na siya ang literal na nakahain sa mesa.”

“Baliw ka!”

Tinawanan lang siya ng kaibigan. “Anyways, kumusta ang lagay ng puso mo? Huwag mong isasagot na tumitibok pa, babatukan kita.”

Kung makapagtanong ito sa kanya, akala mo naman siya lang ang may sugatang puso. “Bakit ikaw, okay ka na ba?”

“I’ll be okay soon but not now. Ikaw?”

Uminom siya ng tubig bago sumagot. “I don’t know. Nasaktan ako pero parang ang bilis lang nawala. And the weird thing is, na-attract ako sa isang lalaki na hindi ko naman kilala.”

Ang mas nakapagpa-weird sa sitwasyon ay noong araw na nakita niya ang lalaki ay iyong araw na nakipag-break siya kay Miguel. Wasak ang puso ni Cindy pero nakuha niyang humanga sa ibang lalaki.

“Never nagkaroon ng chance na magkakilala kayo?”

“Wala, eh.” Napabuga siya ng hangin. “Isang beses pa lang kaming nagkita pero hindi siya mawala sa isip ko.” *At sa panaginip ko*, gusto niyang idagdag pero pinigilan ang sarili. “I think I’m crazy.”

She was really going crazy. Bakit kasi hindi

niya makalimutan ang mukha ng estranghero samantalang isang beses niya pa lang itong nakita at ang malala pa, bigla itong nagpapakita sa panaginip niya.

“I agree,” walang pakundangang pagsang-ayon ni Sam. “Masyado ka yatang nagmamadaling kalimutan si Miguel kaya na-focus ang atensyon mo sa lalaking hindi mo kilala. Kung ako ikaw, makikipag-date ako.”

“Iko-consider ko ’yang sinabi mo.” Hindi lang si Miguel ang marunong maghanap ng iba, marunong din si Cindy.

Nagliwanag ang mukha ng kaharap. “Ipapakilala kita sa boss ko.”

“Siguraduhin mong matinong lalaki ’yang boss mo.”

Inirapan siya ni Samantha. “Hello? Di ko naman sinabi na jowain mo agad. Siyempre dapat kilalanin mo muna.”

“Yeah! Right!”



Mula sa bintana ng kuwarto niya, nakita ni Cindy ang pagdating ni Samantha. May naghatid ditong guwapong lalaki. Masaya siyang makita na nakangiting nakikipag-usap ang kaibigan sa lalaking

kasama nito. Pero hindi niya alam kung bakit mas pabor siyang makatuluyan ni Sam si Jeff kahit naiinis siya sa huli.

Habang pinagmamasdan niya ang dalawang taong nag-uusap ay napako ang atensyon niya sa lalaki. Parang nakita na niya ito noon pero hindi niya matandaan kung saan at kailan. Lumipas ang ilang minuto, nagpaalam na ang lalaki kaya pumasok na si Sam sa loob ng bahay. Siya naman ay umalis na tapat ng bintana.

“Ang aga ng sundo mo,” bungad ni Cindy kay Samantha pagpasok nito sa kuwarto. “Pagdating ko naghihintay na ’yan.” Nauna siyang umuwi mula sa trabaho. Pagdating niya ay naabutan niyang naghihintay si Jeffrey kay Samantha. “Bati na kayo?” tanong niya habang nagpapahid ng lipstick.

“Nag-sorry na siya,” maikling tugon nito saka nagbihis. “Sumabay ka na sa ’min. Ipapahatid kita sa terminal.”

Weekend bukas kaya uuwi sa Bulacan si Sam, siya naman sa Bataan.

“Kahit hindi mo sabihin, magre-request ako. By the way, ang guwapo at ang macho nung naghatid sa ’yo,” pag-iiba niya sa usapan. “Sino iyon?”

“Boss ko. Bet mo ba? Ilalakad kita.”

Kumuha si Cindy ng unan saka inihampas sa kaibigan. “Bakit mo ibibigay sa ’kin, eh ikaw ang type?”

Halata namang may gusto kay Samantha ang boss nito.

“Tara na nga! Basta tutulungan kita sa kanya. Kalimutan mo na si Miguel.”

“Kung makapagsalita ka, akala mo hindi ka broken—”

Pinandilatan siya ni Sam. “Tumahimik ka nga,” anito sabay walk out. Napailing na lang na sumunod siya sa kaibigan.

CHAPTER *Three*

“*S*am, sigurado ka ba dito?” naniniguradong tanong ni Cindy.

Hindi alam niya kung bakit kinakabahan siya nang sabihin ni Sam na makikipag-date ito kaya sinamahan niya ang kanyang best friend para alamin kung matino ba ang ka-date nito.

“101% sure.” Nilibot nito ang tingin sa restaurant, hinahanap siguro ang ka-date. “Nandito na siya.” Hinatak siya ng kaibigan patungo sa table kung saan naghihintay ang date nito.

“Hi, Mark!”

Nag-angat ng tingin ang tinawag. Abala ito sa pagtingin sa menu kaya hindi agad napansin ang pagdating nila.

“Hi, Sam!” Ngumiti ito nang makita ang kaibigan niya, saka mabilis na tumayo para ipaghila sila ng upuan.

First name na pala ang tawagan ni Samantha at ng guwapo nitong boss. Kung alam niya lang na ito ang ka-date ng kaibigan, hindi na sana siya sumama.

“Sorry, hindi ko napansin na dumating kayo,” sabi pa ng lalaki.

“It’s okay.” Si Sam.

Bumaling ang tingin ng binata sa kanya. “You must be Cindy.”

Hindi niya napigilang magtaas ng kilay. Paano siya nakilala nito? Ah, baka naikuwento siya ng kaibigan.

“By the way, I’m Mark Sandoval.” Inilahad ng lalaki ang kanang kamay pero hindi niya iyon pinansin.

Nakatuon ang mga mata niya sa kaharap. He was wearing casual—plain white shirt and ripped jeans—but still, he looked handsome. Naka-tuck in ang shirt nito kaya na-emphasize ang mala-Adonis nitong katawan. May stubbles sa palibot ng bibig nito pero imbes na magmukhang marumi ay nakadagdag pa iyon sa sex appeal ng lalaki. He was ruggedly handsome.

Natigil si Cindy sa pag-e-examine sa estranghero nang maramdaman ang pagsiko sa kanya ni Samantha. Pinandilatan siya nito sabay nguso sa nakalahad na kamay ni Mark. Bigla siyang natauhan.

“I’m Cindy Arevallo.” Tinanggap niya ang nakalahad na kamay ni Mark pero mabilis din iyong binawi nang may maramdamang kakaiba sa pagdaop ng mga palad nila. She felt exactly the same when she held the hand of the handsome stranger.



Nagtaka si Mark nang bigla na lang bawiin ng dalaga ang kamay nito saka mabilis na umupo. Umupo na lang din siya saka tinawag ang waiter.

“Ano’ng gusto n’yong kainin?”

“Cindy, ano’ng gusto mo?” tanong ni Samantha.

“Ano bang sa ’yo?” balik-tanong ni Cindy.

Tiningnan siya ni Samantha. “Mark, ikaw na ang bahalang mag-order, tatal mukhang familiar ka sa mga pagkain dito.”

“Okay.” Sinabi niya sa waiter kung ano ang order nila.

“Cindy, you can thank him now. Siya ang nagbigay ng masasarap na pagkain sa ’tin,” sabi ni Sam pag-alis ng waiter.

Napatingin sa kanya si Cindy. Habang

pinagmamasdan ang mukha ng dalaga, na-realize niyang lalo itong gumaganda. Morena ang babae at makinis ang balat. Bumagay ang maliliit nitong mata at maliit pero matangos na ilong sa maliit nitong mukha. Bumagay din sa mukha ng dalaga ang bago nitong hairstyle.

“Thanks!” anito.

“You’re welcome. By the way, nagkakilala na ba tayo?” kunwari ay curious na tanong ni Mark. “Parang nakita na kasi kita noon.” Gusto niyang malaman kung naaalala ba siya nito.

“No, ngayon lang kita nakita.”

Tumaas ang sulok ng kanyang mga labi. Disappointed siya kasi in-expect niya na natatandaan siya ng dalaga. Siguro nga sobrang nasaktan ito sa nangyari noong araw na iyon kaya hindi siya maalala.

“Alam ko na kung saan tayo nagkita.” Umarte siyang biglang naalala ang una nilang pagkikita. Mataman siyang pinagmasdan ng dalawang kaharap, parehong naghihintay sa sasabihin niya. “Nagkabunguan tayo sa—”

Hindi niya natapos ang sasabihin dahil naramdaman niyang may sumipa sa kanya. Katapat niya si Cindy kaya malabong si Samantha ang

gumawa niyon. Puno ng pagtatakang tinitigan niya ang una.

“Tama! Naalala ko na. Nagkita na nga tayo kaya pala pamilyar ang mukha mo.” Hindi niya inaasahan ang pag-amin nito.

“Saan kayo nagkita?”

Naramdaman niya ulit ang pagsipa sa kanya ni Cindy. Napatitig siya sa dalaga, mataman itong nakatingin sa kanya. May mensaheng pinaparating ang paraan ng pagtitig nito na parang, “*Huwag kang magsasalita, kung di lagot ka sa 'kin!*” kaya hinayaan niyang ito ang sumagot sa tanong ni Samantha.

“Sa hallway ng condominium kung saan nakatira si Miguel.”

“Ano’ng ginawa mo doon?”

“Sinauli ko ’yung mga gamit na binigay niya sa ’kin. Don’t worry hindi kami nagkita dahil iniwan ko sa guard ’yung box na pinaglagyan ko ng mga gamit,” paliwanag nito na obvious na hindi totoo.

Hindi iyon ang eksenang nakita ni Mark noong magkakilala sila. Bakit kaya ito nagsisinungaling kay Sam?

“Okay.” Napaniwala nito ang kaibigan. “Ikuwento n’yo naman sa ’kin kung paano kayo unang nagkita.” Halata ang excitement sa boses ng officemate niya.

Muli niyang naramdaman ang pagsipa ni Cindy sa kanya. Pangatlong beses na nitong ginawa iyon. Ano ba ang problema ng babaeng kaharap niya?

“Papasok ako sa condo noon bitbit ang isang box nang di-sinasadyang mabunggo niya ako.”

Wala siyang nasabi. Hindi siya makapaniwala na babaliktarin nito ang pangyayari. Siya ang nabunggo nito dahil hindi ito tumitingin sa dinaraan habang naglalakad.

“Really? Parang eksena sa nobela ang una n’yong pagkikita, nakakatuwa.”

Kung alam lang ni Samantha ang totoo, baka sabihin nito na dinaig pa ng eksena sa nobela ang totoong nangyari noon.

“Nagu-guilty ako kasi hindi ko natulungan si Cindy na ibalik sa box ang mga nagkalat na gamit sa sahi. Basta-basta ko na lang siyang iniwan.” Binalingan niya ang babae. “Sorry for not being a gentleman that time. Nagmamadali kasi ako kasi may hinahabol ako.” Marunong din siyang magbaliktad ng kuwento.

Nakita ni Mark ang palihim na pag-irap sa kanya ni Cindy. Hindi niya alam kung maiinis siya, pero aaminin niyang cute ito kapag umiirap.

“Excuse me, kailangan ko lang sagutin ’tong

phone call. Maiwan ko muna kayo,” paalam ni Samantha mayamaya.

Good! Magkakaroon na siya ng pagkakataon na tanungin si Cindy.



Gusto niyang pigilan si Samantha kaso hindi niya alam kung ano ang idadahilan dito. Ayaw niyang maiwan mag-isa kasama si Mark, ang estrangherong laman ng isip at panaginip niya nitong nakaraang mga araw. Bakit hindi niya ito namukhaan noong hinatid nito si Sam?

It must be the beard, sagot ng isipan niya. Makapal ang balbas nito nang una niya itong makita. *Juice ko po!* Ano ba'ng gagawin niya?

“Cinderella, what a nice name huh? *Cinderella* is innocent and naïve, the exact opposite of you, Cindy Rella.” Binigyang-diin nito ang pangalan niya.

“What’s wrong with that? Kailangan ko bang maging kagaya ni *Cinderella*?” mataray niyang tanong. “At paano mo nalaman na Cindy Rella ang pangalan ko? I didn’t mention my full name.”

“From your friend’s *FB*,” tipid nitong sagot.

Palagi niyang tina-tag si Sam sa mga posts niya kaya siguro nakilala siya ng binata.

“Huwag mong babanggitin kay Sam ang tungkol

sa nakita mo,” pag-iiba niya ng usapan. “Hindi ko sinabi sa kanya ang totoong nangyari.”

Gumalaw ang sulok ng mga labi ng kausap. “Bakit kita susundin?”

“It’s none of your business.”

“Exactly. It’s none of my business so I don’t need to lie.”

“Please don’t tell her. I’m not doing this for a bad reason.”

“Then, give me one good reason.”

Nag-ipon muna si Cindy ng hangin sa dibdib bago nagsalita. “Hindi ko sinabi ang totoong dahilan kasi may pinagdadaanan din si Sam. Wala sa kalingkingan ang sakit na nararamdaman ko kumpara sa nararamdaman niya. Ayokong dumagdag sa alalahanin niya.”

Honestly, hindi siya sigurado kung nasaktan nga ba siya o ang pride niya lang iyon.

“Alright—”

“Thank you!”

Nakahinga si Cindy nang maluwag. Bukod sa binanggit niya, may isa pang dahilan kung bakit ayaw niyang malaman ni Samantha ang totoong nangyari.

“I’ll think about it,” dugtong ng lalaki.

“What?”

Marami siyang gustong sabihin kaso dumating na ang waiter dala ang order nila, kasabay pa ni Samantha.

Darn! Nanggigigil siya kay Mark. Akala niya pumayag na ito sa gusto niya.



“Bakit hindi mo sinabing boss mo pala ang ka-date mo? Sana hindi na lang ako sumama,” reklamo ni Cindy pagdating nila sa apartment.

Naiinis talaga siya sa nangyari. Sino ba ang mag-aakala na boss ni Samantha iyong estrangherong crush niya at may gusto rin sa kaibigan niya?

“Hindi ko siya ka-date. Actually, ang purpose ng date na ’yun ay para ipakilala kita kay Mark.”

“Ano!” bulalas ni Cindy.

“Sorry na, hindi ko sinabi sa ’yo na ipapakilala kita kay Mark. Hindi ko kasi alam kung papayag ka o hindi, kaya sinabi ko sa ’yo na ako ang makikipag-date. Sorry, Cindy.”

Magaling! Pinakilala siya nito sa lalaking saksi sa paghihiwalay nila ni Miguel. Baka isipin ni Mark na hindi siya girlfriend material dahil ipinagpalit siya ng kanyang ex-boyfriend.

Gusto niyang kastiguhin ang sarili. Bakit

ba girlfriend material agad ang iniisip niya, eh, pinakilala lang naman sila sa isa't isa? Masyado siyang advanced mag-isip!

“Hindi ko siya type.”

Liar! Mukhang ermitanyo si Mark noong una mo siyang nakita pero hindi mo siya nakalimutan. Hindi mo type, huh? kastigo ng isip niya.

“Why? Guwapo at mabait si Mark, hindi siya mahirap magustuhan.”

Right! Pero nagbago na ang kanyang isip. Hindi niya ito puwedeng magustuhan dahil halatang may gusto ito sa kaibigan niya.

“Hindi kami bagay. Mas mukha pa siyang babae sa 'kin dahil sa kinis at puti ng kutis niya. Baka bakla 'yon.”

“Bakla agad? Hindi ba puwedeng ganoon na talaga siya nung pinanganak?”

“Basta ayoko sa kanya. Kayo na lang kaya ang mag-date?”

“No, thanks! Ayoko nang muling umibig pa,” pagda-drama nito.

Pinaikot ni Cindy ang mga mata. “Ang arte!”

Hindi niya maintindihan kung bakit paulit-ulit itong nagpapakatanga sa isang lalaki at siya naman, walang suwerte sa lalaki. Pareho silang maganda

at matalino pero pareho silang malas pagdating sa pag-ibig.



Mabagal siyang naglalakad pauwi sa apartment mula sa office nang may marinig siyang sunud-sunod na busina. Lumingon siya sa likuran, laking pagtataka niya nang makita si Mark. Nakadungaw ito sa bintana ng kotse.

“Sumabay ka na sa ’kin.”

Hindi niya ito pinansin. Nagpatuloy siya sa paglalakad. Naramdaman niya ang pagsunod ng kotse sa kanya.

“Cindy, sumabay ka na.”

Nilingon niyang muli ang binata. Nakadungaw nang bahagya ang ulo nito sa bintana, sapat para makita niya.

“Magkasabay naman tayo, ako naglalakad at ikaw nagmamaneho.”

Nangunot ang noo ng binata. Lumabas ito mula sa kotse, nainis yata sa sinabi niya. Binuksan ni Mark ang pinto ng kotse sa passenger seat sa harap.

“Your highness, sumakay ka na po. Ihahatid na kita.”

Inirapan niya ulit ang lalaki. “Sanay sa hirap si *Cinderella* kaya maglalakad na lang ako.”

Bakit kasi hinango sa fairy tale ang pangalan niya? Inaasar tuloy siya ngayon ni Mark. Pagagalitan niya ang kanyang ina kapag nakauwi siya sa Bataan dahil ito ang nagpangalan sa kanya niyon.

“Napag-isipan ko pa naman na manahimik na lang kahit damay ako sa pagsisinungaling mo, kaso biglang nagbago ang isip ko.”

Natigilan si Cindy. Muntik na niyang makalimutan ang tungkol sa bagay na iyon. Siya na mismo ang nagkusang sumakay sa kotse ni Mark. “Ihatid mo na ako.”



Lihim na napangiti ang binata. Mapapasunod niya si Cindy dahil sa pagsisinungaling nito.

Kung tutuusin, puwede naman siyang manahimik at hayaan ang dalaga na magsabi ng totoo kay Samantha, pero hindi niya maipaliwanag kung bakit gustung-gusto niyang asarin ang babaeng ito.

“Ipangako mo na hindi malalaman ni Sam ang totoo,” sabi nito pagsakay niya sa kotse.

“Sa isang kondisyon,” sagot ni Mark bago pinaandar ang kotse.

Masamang tingin ang pinukol nito sa kanya. “Ang sama mo.”

“Sino kaya’ng mas masama sa ’tin? Pinipilit mo akong magsinungaling.”

“Oo na, ako na ang masama at sinungaling. Ano ba’ng gusto mong mangyari?” naiinis na tanong ni Cindy.

Nagtataka talaga siya. Bakit kaya hindi na lang nito sabihin kay Sam ang totoo?

“Be my date for one night. Kailangan ko ng fake girlfriend dahil a-attend ako ng party.”

“Wala kang ka bang girlfriend? At kailangan ba talagang may girlfriend na kasama? Bakit hindi ka na lang kaya maghanap ng totoong girlfriend?” sunud-sunod na tanong nito.

Sinagot niya ang unang tanong ni Cindy. “Hindi naman kita pagtitiyagaan kung mayroon akong girlfriend.”

Napaawang ang bibig ng katabi. Ngali-ngali na niya itong kunan ng picture dahil ang cute nitong tingnan.

“Sa ganda kong ’to, *pagtitiyagan* mo lang ako? Porke pinagpalit ako sa ibang babae ng walang kuwenta kong ex-boyfriend, ganyan na trato mo sa ’kin? Kung hindi ako hihiwalayan o ipagpapalit sa iba, pagtitiyagaan lang ako dahil walang ibang option? Gan’on?”

He did not mean to offend her, pero iyon ang naging dating sa dalaga. He wanted apologize but he was not able to say a single word because she added something that made him smile.

“Kung ganito lang ang magiging papel ko sa mga kalalakihan mabuti pang maging matandang dalaga na lang ako. Sayang lang ang katalinuhan, kagandahan, at kaseksihan ko sa mga lalaking tulad n’yo.”

Napapailing siya dahil napaka-opposite ng ugali nito kay *Cinderella*. Pero aaminin niyang natutuwa siya rito.

“Huwag mo akong itulad sa kanila. Hindi naman kita magiging girlfriend, *magpapanggap* ka lang na girlfriend ko.”

“I know. Hindi mo na kailangang pagdiinan.”

“So payag ka na?”

“May magagawa pa ba ako?”

“Puwede mong sabihin kay Sam ang totoo.”

“No,” mariing tutol nito. “Pagtitiyagaan kitang maka-date tatal isang gabi lang naman iyon. Malay mo, makakita ako ng potential pamalit kay Miguel.”

Great! May date na si Mark sa birthday party ng kaibigan niya. Mukhang mag-e-enjoy siyang makasama ang dalaga.

“Okay, we can close the deal now. Pero hindi ka pwedeng makipagkilala sa ibang lalaki doon.”

“But why?”

“Ako ang date mo kaya sa ’kin lang dapat ang atensyon mo. Ayokong tumingin ka sa iba dahil baka isipin nila na hindi tayo totoong magnobyong. Naiintindihan mo ba?”

“Ewan ko sa ’yo.” Umingos ito.

Lihim siyang napangiti. She was really cute.

CHAPTER *Four*

*S*he was wearing a short white cocktail dress with long sleeves and a pair of white closed shoes. Mukhang conservative ang style ng damit pero see-through ang design sa likod. Nakabun ang kanyang buhok kaya aninag ang likod niya sa suot na damit. Light makeup lang ang in-apply niya sa mukha. Wala siyang kahit na anong alahas na suot.

Hiniram niya lang ang cocktail dress at sapatos kay Samantha dahil hindi provided ng kuripot na si Mark ang kanyang kasuotan. Mabuti na lang, maraming damit ang kaibigan na puro galing kay Jeffrey. Kung hindi, baka bumili pa siya ng damit. Ayaw naman niya kasing magmukhang basahan sa

engagement party na iyon kahit pa sabihing fake girlfriend lang siya.

“You look pretty,” komento ni Samantha. “Mukhang maraming kalahi ni Adan ang mabibighani sa kagandahan ng aking matalik na kaibigan.”

“Sana ang matagpuan kong Adan ay iyong kawangis ni *Florante*.”

“Good luck, girl! Ikaw na ang pinakamasuwerteng babae sa balat ng lupa kung makakatagpo ka ng isang *Florante* dahil bihira na lang ang gan’on sa mundo.”

Napabuga si Cindy ng hangin. Paano siya makakahanap ng *Florante*, eh, kasama niya si Mark? Malinaw nitong sinabi sa kanya na hindi siya puwedeng makipagkilala sa iba.

Buwisit!

“True! Hihintayin ko na lang sigurong dumating ang aking *Prince Charming* sa takdang panahon.”

Hindi siya nagpapaniwala sa fairy tale kahit Cindy Rella ang kanyang pangalan. Siguro dahil walang happy ending ang magulang niya at siya mismo ay palpak ang lovelife. Twenty-eight years old na siya for Pete’s sake! Iyong iba niyang classmate, may anak nang nag-aaral sa elementary samantalang siya, kahit nobyo wala.

Speaking of *Prince Charming*, may humimpil na magarang sasakyan sa harap ng apartment. Ngayon niya lang nakita ang sasakyang iyon. Ilang segundo ang lumipas, nag-ring ang kanyang phone. Tinatawagan siya ni Mark.

“Bakit?” bungad niya.

“You’re supposed to say ‘hi’ or ‘hello’ not ask why.”

Pinaikot ni Cindy ang mga mata. “Whatever! Bakit ka ba tumawag?”

“Your highness, sinundo po kita dahil baka hindi ka tumupad sa kasunduan natin. Lumabas ka na diyan. Ipagpaumanhin mong hindi kita mapagbubuksan ng kotse dahil baka makita ako ni Samantha.”

Talagang sinundo pa siya nito para lang masigurong pupunta siya sa party. “Fine!” pinatay na niya ang cellphone saka kinuha ang pouch. “Sam, I have to go. Dinaanan ako ng kasamahan ko sa trabaho,” pagsisinungaling niya.

Ang alam kasi ng kaibigan, pupunta siya sa wedding anniversary party ng may-ari ng kompanyang pinagtatrabahuan niya. Hindi niya sinabing engagement party ang pupuntahan niya at si Mark ang kasama niya.

“Enjoy the party. Take care, Cindy.”

“I will.”

Good luck na lang kung makapag-enjoy siya.



Padabog na sinara ni Cindy ang pinto ng kotse. Padabog din itong umupo sa backseat. Ang ganda-ganda nitong tingnan sa suot na damit kaso nakasimangot ang dalaga.

“Your highness, please act like a lady. Hindi bagay sa kasuotan mo ang iyong kilos,” puna ni Mark. “Hindi rin bagay sa kaguwapuhan ko na magmukhang driver mo kaya lumipat ka dito sa front seat.”

“Wala ka bang tiwala sa ’kin? Ang usapan natin, magkikita tayo malapit sa venue ng party. Bakit mo ako sinundo?” Hindi nito maitago ang frustration sa kanya. “At puwede ba, huwag mo akong tawaging ‘your highness,’ naalibadbaran ako. At utang na loob, huwag mong sabihing guwapo ka dahil mas mukha pang taong tingnan ’yung coachman ni *Cinderella* kaysa sa ’yo.”

Bumuka ang bibig ni Mark pero walang salitang namutawi mula roon. First time na may nanlait sa hitsura niya at talagang ikinumpara pa siya sa hindi tao! May deperensya yata sa mata ang babaeng

kaharap niya.

“Ano, may sasabihin ka ba? Baka gusto mo nang umalis para hindi tayo ma-late sa party, at bago pa magbago ang isip ko,” litanya nito. “Huwag mong hintayin na lumipat ako sa front seat dahil hindi ako tatahi sa ’yo.”

Naiinis na pinaandar ni Mark ang sasakyan. Hindi na lang niya pinansin ang di magandang asal na pinakita ni Cindy Rella dahil baka bigla itong mag-walk out at mawalan siya ng ka-date.

Inaasahan pa naman niyang mag-e-enjoy siya pero parang hindi iyon mangyayari. Hindi niya alam kung bakit palaging mainit ang ulo sa kanya ang dalaga.



Isa-isa siyang pinakilala ng binata sa mga kaibigan nito. Umarte siyang parang totoong nobya ng binata na nakapagtataakang nagawa niya nang natural. Feel na feel niyang maging nobya nito samantalang kanina lang ay galit siya sa lalaki.

“You didn’t tell me that you’re a great actress,” bulong ni Mark sa punong-tainga niya na nakapagpatindig sa kanyang balahibo.

Hindi na lang niya pinansin ang kakaibang naramdaman. Pinulupot ni Cindy ang kamay sa

braso ng binata saka tumingkayad para bumulong din sa tainga nito. Matangkad siya pero six-footer ito kaya kailangan niyang tumingkayad kahit naka-heels siya.

“Papuri ba ’yon o insulto?” tanong niya.

“Hey, lovebirds! Ang sweet n’yo namang tingnan. Nakakainggit!”

Naagaw na ang atensyon nito ni Celine. Ipinakilala siya nito kanina sa babae na kababata ni Mark, at siyang pakakasalan ng bestfriend ni Mark na si Joseph.

“Ganito talaga kami.” Inakbayan siya ng binata.

“Sana ganyan din kami ka-sweet ni Joseph.”

“Bakit, hindi ba ako sweet?” Biglang sumulpot ang fiancé nito at niyakap ang dalaga mula sa likuran.

“Sus! Malambing ka lang kapag may gusto kang makuha.”

“Ganyan naman talaga silang mga lalaki. Tapos, kapag hindi mo naibigay ang gusto nila, magtatampo. Ang masama, malalaman mo na nambababae na pala,” hindi niya napigilang ikomento.

“I agree and I’m thankful na nagtatampo lang si Joseph ’pag hindi ko naibigay ang gusto niya. How about Mark?”

“Well, sa pagkakaalam ko hindi pa siya

nambababae pero oras na mahuli ko siya, wala na siyang babalikan.” Ewan ba ni Cindy, masyado siyang nagpapaapekto sa usapan nila.

Naramdaman niya ang marahang paghapit ng binata sa kanyang baywang. Napatingin tuloy siya rito.

“Baby, you know that I can’t do that to you. Dahil ikaw lang ang nakikita ng mga mata ko.” Nakatitig ito nang derecho sa kanya.

Gusto niyang maniwala at magtiwala sa sinabi nito pero palabas lamang iyon at pareho silang mapagpanggap.

“Siguraduhin mo lang.” Iyon lang ang tangi niyang nasabi.

“Pare, hindi ko alam na romantic ka pala,” natatawang sabi ni Joseph. “Baka gutom lang iyan, kumain na lang tayo.”

Speaking of gutom, naramdaman ni Cindy ang pagkalam ng sikmura. Kailangan na niyang kumain.

“Sa table na namin kayo umupo,” alok ni Celine.

“Sure!” mabilis na tugon ni Mark.



Naiinis siya kay Mark. Ang sinabi nito sa kanya, hindi siya puwedeng tumingin sa ibang lalaki, pero ito ay halos hindi maalis ang tingin kay Celine. Bigla

tuloy siyang napaisip kung si Samantha ba ang gusto nito o si Celine.

Lalabas na sana si Cindy sa cubicle nang may marinig siyang usapan tungkol kina Mark at Celine.

“Akala ko talaga sina Mark at Celine ang magkakatuluyan. Bagay pa naman sila.”

“Baka hindi nila gusto ang isa’t isa at talagang magkababata at magkaibigan lang ang turingan nila,” sagot ng isang babae. “Isa pa, may magandang girlfriend si Mark, at si Celine naman ay ikakasal na.”

“Maganda ba ’yon? Ang itim-itim kaya ng babae na ’yon. Hindi sila bagay ni Mark.”

Ngali-ngaling lumabas siya mula sa cubicle dahil sa narinig, pero pinigilan niya ang sarili. Gusto niyang sabihin sa babae na hindi siya maitim, kayumanggi ang kutis niya. Saka ano ba kung maitim?

Nang marinig niya ang pagbukas at pagsara ng pinto ay saka siya lumabas. Tiningnan ni Cindy mabuti ang repleksyon sa salamin. Maganda siya kahit kayumanggi ang balat niya. Pero bakit ba siya nagpapaapekto sa babaeng iyon?

Inayos niya muna ang hitsura bago nagmartsa palabas ng restroom. Pagbukas niya ng pinto, nabungaran niyang naghihintay si Mark sa labas.

“Ano’ng tinatayo-tayo mo diyan?” tanong nito.

“Hindi ba obvious na hinihintay kita? Bakit ang tagal mo? Kung hindi ka pa lumabas, baka pumasok na ako.”

Nagpaalam siyang pupunta sa restroom pagkatapos nilang kumain kaso natagalan siya dahil sa mga babaeng nagchichismisan.

“Kasi nakinig pa ’ko sa walang kuwentang usapan.” Nagsimula na silang maglakad patungo sa umpukan ng mga tao. “Hindi raw tayo bagay dahil maitim ako. Hello? Hindi ko naman....” Tumigil siya sa pagsasalita dahil kasalubong nila si Celine.

“Mark, kanina pa kita hinahanap. Gusto kang makausap nina Daddy at Mommy. Matagal ka na kasing hindi dumadalaw sa ’min.”

“Okay lang ba kung isama ko si Cindy?”

Napatingin sa kanya si Celine. Parang ayaw nitong pumayag. Nakilala na niya ang mga magulang ng dalaga kanina.

“Okay lang naman,” napipilitang anito.

“Hindi na kailangan. You can talk to them without me. I’ll just stay here,” sabi na lang niya.

“Are you sure? Mag-isa ka lang—”

“Don’t worry, I’ll be fine.”

“Sandali lang ako.”

Tumango si Cindy. “Okay!”

“Come on!” Hinila ni Celine ang binata palayo sa kanya.

Ano ba namang klaseng buhay ito? Fake girlfriend na nga lang ang papel niya, iniwan at ipagpapalit pa din siya. Pambihira!

Hindi siya bumalik sa table kung saan sila nakapuwesto kanina. Naghanap siya ng ibang mapupuwestuhan dahil naiilang siya roon. Mabuti na lang at may bakanteng table sa bandang dulo. Doon niya napiling umupo dahil hindi magulo roon. Nag-uumpisa na kasi ang sayawan kaya magulo na sa bandang gitna ng bulwagan.

“Hi, Cindy!”

Napalingson siya sa nagsalita. Naalala niyang isa ito sa mga kaibigan na ipinakilala ni Mark. “Hi!”

“Nasaan si Mark?”

“Kausap ang parents ni Celine.”

“Hindi dapat iniiwang mag-isa ang isang magandang binibining katulad mo. Papagalitan ko nga si Mark mamaya.”

Ngumiti si Cindy. Alam niyang binobola lang siya ni Gabriel, pero mas okay na iyon kaysa magmukha siyang tanga na walang kausap at kakilala.

“Bola!”

“Hindi kita binobola, nagsasabi lang ako ng totoo.”

“Sige na nga, paniniwalaan na kita.”

“Napipilitan ka lang yata,” natatawang sabi ni Gabriel pero bigla rin itong sumeryoso. “Hindi ko kayang palampasing lumipas ang gabing ito na hindi ko naisasayaw ang pinakamarikit na dilag sa pagtitipong ito.” Inilahad nito kanang kamay. “Kung iyong mamarapatin, nais kitang maisayaw, magandang binibini.”

Hindi isang *Prince Charming* ang natagpuan niya ngayong gabi kundi isang *Florante* na mabulaklak magsalita.

“Ginoo, isang karangalan na makasayaw ka.” Sinakyan niya ang trip ng binata. Tinanggap niya ang nakalahad na palad nito.

Natawa si Gabriel sa paraan ng pagtugon niya. Mukhang magkakasundo sila sa kalokohan.



Kita niya si Cindy mula sa pwestong kinatatayuan niya. Masaya itong nakikipag-usap kay Gabriel. Bumangon ang inis sa dibdib niya; kaibigan niya si Gabriel kaya alam niyang binobola nito ang dalaga.

“Mark, kailan uuwi ang parents mo? Sana

makadalo sila sa kasal ni Celine.”

Nagbabakasyon sa Europe ang parents niya dahil doon nakabase ang isa niyang kapatid.

“Matagal-tagal na rin buhat nung magbakasyon sila.”

Nawala ang atensyon ni Mark sa mga kausap. Nakita niya kasing inakay ni Gabriel si Cindy patungo sa dancefloor. Masayang nagtatawanan ang dalawa habang nagsasayaw.

“Excuse mo po,” paalam niya sa parents ni Celine. Hindi na niya nakuhang sagutin ang tanong ng ina nito.

“Mark!” narinig niyang tawag ni Celine pero hindi niya na iyon pinansin. Dere-derecho siyang naglakad palapit sa kinaroroonan ni Cindy. Hindi napansin ng dalawa ang pagdating niya kaya tinapik niya ang balikat ni Gabriel.

“I’m sorry to interrupt you but can I have my girl?”

Sabay na lumingon ang dalawa. Si Cindy ay nagulat samantalang si Gabriel ay parang walang pakialam. Nakangiti lang ito habang nakatitig sa kanya pero binalik din nito agad ang tingin kay Cindy.

“Anong tuwa’t galak ang aking nadarama ngayong

gabi. Maraming salamat sa iyong pagpapaunlak na ika'y aking makasayaw, marikit na binibini," sabi ni Gabriel bago binitawan ang dalaga.

Kailangan pa ito naging makata? Ang alam niya bolero ang kaibigan, hindi makata.

"Hindi ko alam na possessive boyfriend ka pala," natatawang baling nito sa kanya. "Cindy is all yours." Tinapik siya ng lalaki sa balikat bago umalis. "Hindi mo dapat iniwan ang girlfriend mo," pahabol pa nito.

"Saan ka pupunta?" nagsalubong ang mga kilay na tanong niya kay Cindy. Pag-alis kasi ni Gabriel ay naglakad na ito palayo sa kanya.

Lumingon ang dalaga. "Babalik na sa table."

Bago tuluyang makalayo, mabilis niya itong hinapit sa baywang. "Hindi ka aalis." Nang maramdaman niya ang pagtutol ng babae, lalo niya itong hinapit. "Let's dance."

"Puwedeng lumayo ka nang konti sa 'kin? Masyado kang malapit."

Inilayo niya nang bahagya ang katawan sa dalaga. Kung hindi ito nagsalita, hindi niya mare-realize na sobrang lapit nga nila sa isa't isa. "Okay na ba?"

Tumango ito bilang tugon saka ipinatong ang

dalawang kamay sa magkabilang balikat niya. Nagsimula na silang umindayog sa saliw ng musika.



Darn! Naramdaman ni Cindy ang pagkalalaki ng binata sa tapat ng puson niya nang hapitin siya nito sa baywang kanina. Kahit medyo malayo na ang pagitan nila sa isa't isa, parang nararamdaman pa rin niya ang matigas na bagay na iyon. Hindi tuloy siya makagalaw nang maayos at mainit ang pakiramdam niya. Hindi niya iyon naramdaman kay Miguel noon.

“Sinasadya mo bang tapakan ako?”

“H-hindi,” nauutal na tugon niya. Naiilang siyang kasayaw ito kaya nagkakamali siya.

“Kaya pala hindi ko na mabilang kung ilang beses mo akong natapakan, I mean *tinapakan*.”

“Hindi ako marunong sumayaw,” she lied.

“Really? Pero nung si Gabriel ang kasayaw mo, marunong ka.”

Paano niya ipapaliwanag dito kung bakit nagkakaganoon siya? Puwede niya bang sabihin na grabe ang impact nito sa kanya? Mabuti pang mag-walk out na lang siya.

“I want to go home.”

Hindi niya hinintay na makasagot ang binata.

Mabilis na tinanggal niya ang kamay nitong nakapulupot sa baywang niya saka siya tumakbo palayo.

“Cindy!” narinig niyang tawag ni Mark pero hindi niya ito nilingon. Lalo niyang binilisan ang pagtakbo. Dahil madulas ang sahig at naka-heels siya, bigla siyang natapilok at nawalan ng balanse. Bumagsak siya sa sahig.

Damn it! Ito na yata ang most embarrassing moment na nangyari sa tanang buhay niya. Ang masaklap, nabali ang takong ng sapatos na suot niya kaya hinubad niya na iyon. Kailangan niyang maglakad nang nakatapak.

Darn! Hindi siya niniwala na may fairy godmother pero nang sandaling iyon, naihiling niyang sana ay dumating ito para sagipin siya sa kahihyan. Gusto niyang maglahong parang bula at gusto niyang makalimutan ng mga tao ang nangyari sa kanya.

“Cindy, saan ang masakit sa ’yo?” nag-aalalang tanong ni Mark.

“Lagot ako kay Sam. Nasira ko ang sapatos na bigay ni Jeffrey,” sagot niya.

“Bullsh*t! Hindi ang kalagayan ng sapatos ang tinatanong ko.”

Hindi siya nakapagsalita dahil na-touch siya sa sinabi ni Mark kahit binulyawan siya nito. Nanatili siyang nakatitig sa binata. Napakaguwapo nitong tingnan sa suot na maroon long sleeves. Hindi nagbago ang hitsura nito may balbas o wala, galit o hindi. Guwapo talaga ito sa paningin niya.

“Damn it, Cindy!”

Naghubad ito ng long sleeves, sando na lang ang natirang pang-itaas. Darn! He’s so sexy, so hot. Hindi na mawala ang tingin niya sa maskulado nitong katawan. How she wished na makulong sa mga bisig at matipunong dibdib nito!

What the hell was she thinking? Pagkatapos niyang mapahiya sa harap ng maraming tao, kahalayan pa ang naiisip niya?

Ginawang pantakip ni Mark ang long sleeves nito sa hita niya. Dinampot ng binata ang sapatos niya saka siya marahang binuhat.

“What are you doing?”

“I’m saving a damsel in distress.”

“Ibaba mo ako. Kaya kong maglakad, hindi ako imbalido,” pagtataray ni Cindy, pero ang totoo, pinagtatakpan niya lang ang pagkapahiyang nararamdaman. At nahihiya siyang aminin na nagustuhan niya ang ginawa nito.

“Stop complaining, your highness. Hindi ako papayag na maglakad ka nang nakatapak.”

Sweet! Wala nang nagawa si Cindy kundi tumahimik. Isinubsob niya ang ulo sa dibdib ng binata dahil nahihiya siya sa bawat taong nakakasalubong nila.

Heaven! He smells like heaven!

Hindi na niya kailangan ng fairy godmother para sagipin siya, sapat na si Mark para sa kanya.